PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG
Lunes, Abril 10, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, INANUNSYO ANG MATATAAS NA MARKA PARA SA KASIYAHAN NG PROVIDER

Kasiyahan sa mga provider na nakakontrata sa Alliance, umabot sa pinakamataas nitong antas noong 2022

Alameda, CA – Ikinagagalak ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 355,000 residente ng County ng Alameda na ibahaging ang mga rate ng kasiyahan sa mga nakakontrata ritong provider sa komunidad ay umabot sa pinakamataas nitong antas, kung saan mahigit 86 porsyento ang nag-ulat ng pangkalahatang kasiyahan sa Alliance. Noong 2015, nasa 58 porsyento lang ang mga rate ng kasiyahan, at dahil sa tuluy-tuloy na pakikipagtulungan sa mga nakakontratang provider, nakakita ang Alliance ng kapansin-pansing pagtaas sa nakalipas na ilang taon.

Sinasalamin ng mga numerong ito ang mga resulta ng isang survey na isinagawa ng third-party na firm sa pagtatapos ng 2022, na kinabilangan ng mga doktor sa pangunahing pangangalaga, doktor sa specialty na pangangalaga, at clinician para sa kalusugang nauugnay sa pag-uugali na nakakontrata sa Alliance. Noong tinanong kung mairerekomenda nila ang Alliance sa mga practice ng iba pang doktor, 96 na porsyento ng mga na-survey na provider ang sumagot ng oo. Nakita sa mga pag-aaral na nauugnay ang kasiyahan ng doktor sa kasiyahan ng pasyente, at ipinapakita ng mga napag-alamang ito ang ginagawa ng Alliance para makabuo ng organisasyong nakatuon sa pasyente, kung saan naghahatid sa mga miyembro ng mga serbisyo sa pangangatawan, pag-uugali, pag-iisip, at lipunan.

“Matagal nang nahaharap ang mga doktor sa mga hamon sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, na humahantong sa matitinding antas ng burnout, at lalo pang pinalala ng pandemya ang isyung ito, sabi ni Scott Coffin, ang CEO ng Alliance. “Ipinagmamalaki naming ang aming mga pagsisikap na paigtingin ang pakikipagtulungan namin sa aming mga provider sa komunidad, at na tiyaking inuuna ang kanilang kapakanan ay nakatulong sa kapansin-pansing dagdag na kasiyahan sa aming organisasyon.”

Sa panahon ng pandemya, nakipagtulungan ang Alliance sa mga provider sa komunidad para matiyak na tuluy-tuloy na napagtutuunan ang kalusugan at pangkalahatang kapakanan ng mga pasyente. Pinagtuunan din ng Alliance ang pag-aalis sa mga hadlang sa paghahatid ng pangangalaga, pinahusay nito ang husay at kapasidad sa pagpapatakbo, at pinaganda nito ang komunikasyon sa mga provider para mas mapadali ang mga pagbabayad, pagpapahintulot, at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa medikal na kasaysayan ng mga pasyente. Sa unang taon ng pandemya, humingi ng tulong ang mga provider at pinabilis ng Alliance

ang mga pagbabayad ng mga claim sa mga provider, na nakatulong sa cash flow at nagpabilis sa pagbibigay ng mga incentive para sa kalidad. Bukod pa rito, nagbigay ang Alliance ng $6.6 na milyong pinansyal na suporta para magkaroon ng safety net ang mga provider bilang bahagi ng pondo kapag may emergency na krisis, na makakatulong sa kanilang gamutin at suportahan ang mga pasyenteng apektado ng COVID-19.

Patuloy na kinikilala ng Alliance na napakahalaga ng kasiyahan ng provider sa mahusay na sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, at layunin nitong gumawa ng higit pang patas na sistema na susuporta sa komunidad ng mga doktor sa Komunidad ng Alameda.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Isinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 355,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).